

1

Mula sa pagkakahiga ay mabilis na napabangon si Chantal.

Paano ay kanina pa tunog nang tunog ang telepono sa tabi ng kama niya.

At hindi pa man nasasagot iyon ay nakakatiyak na siya kung sino ang nasa kabilang linya.

Si Gilbert. Mangungulit na naman ito tungkol sa iniaalok na makailang beses na niyang tinanggihan ngunit patuloy pa ring ipinupulok sa kanya ng lalaki.

Inis na dinampot niya ang telepono.

“Hello... Chantal?” paniniyak ng tinig sa kabilang linya. Tama ang hula niyang si Gilbert iyon.

“This is an answering machine,” pilit ginagaya ang malambing na tinig ng mga telephone operators na sabi niya. “Please leave your message after the beep.” Parang nais niyang pagtawanan ang sarili nang i-imitate ang huni ng answering machine.

“Chantal naman... alam kong ikaw ‘yan, eh,” parang naiinis na saad nito. “Huwag mo na ‘kong pahirapan!”

“For your information, Gilbert, *ako* ang pinahihirapan mo!”

“Paano mo nahulaang ako ang caller mo?”

“Eh, ikaw lang naman ang maaari kong maisip na hindi magku-consider ng time para tawagan pa ako ng ganitong oras!” talak niya. “My God, Gilbert! It’s almost two in the morning! Ginising mo ako sa walang tigil na kari-ring ng phone.”

“Ilang beses na kasi kitang tinawagan kanina sa boutique,” parang apologetic ang tinig ng lalaki nang muling magsalita, “kaso, hindi mo ini-entertain ang mga tawag ko.”

“Dahil alam ko na kung ano na naman ang ipangungulit mo. The answer is still no,” she insisted.

“If you will just listen...”

“I’ve listened enough, Gilbert,” mariin niyang sabi. “At ang sagot ko pa rin—hindi puwede. Ayoko.”

Saglit na natahimik ang lalaki sa kabilang linya.

“To be honest, I’m quite disappointed in you, Chantal,” mayamaya ay seryosong pahayag nito.

“Gilbert—”

“Ang akala ko pa naman, magkaibigan tayo,”

hindi na maitago ang hinanakit sa tinig nito.

Natapik niya ang noo. *Dadramahan na naman ako ng lalaking 'to!* “Gilbert, kayo ni Kuya Paulo ang talagang magkaibigan, remember?” paalala niya nang tukuyin ang nakatatandang kapatid.

Nasa kolehiyo pa lamang ang dalawang lalaki ay best friends na ang mga ito. Maging nang magtungo na sa Canada ang kapatid niya para magtrabaho sa isang publication company ay hindi naputol ang ugnayan nito at ni Gilbert.

“But you can’t erase the fact na may maganda ring pagtitinginang nabuo sa pagitan natin sa pagiging magkaibigan namin ng kapatid mo,” anito. “Noong narito pa siya, halos sa inyo na ‘ko tumira dahil enjoy ako sa company n’yo. Naramdaman ko naman na pinakikitaan mo ako nang mabuti hindi dahil friends kami ng utol mo. You like me too. At naging masama ba akong kaibigan? Sa mga alam kong paraan ay pinilit kong makaganti sa mga kabutihang ipinakita n’yo sa ‘kin.”

“Like helping us out in times of need?” aniya, hindi maiwasang maging sarcastic ang tinig. “At kaparis na rin ng pagtulong mong makapag-abroad si Kuya Paulo? Now I see what you’re getting at. Hindi mo lang maderecho pero gusto mong ipamatang

kung di sa perang ipinadadala sa ‘kin ni Kuya Paulo ay hindi ko maipupundar ang boutique ko.”

“Chantal!” nababaghang bulalalas nito. “You know that’s not what I meant—”

“Okay, Gilbert,” tila pagsuko niya. “Payag na ‘ko sa hinihiling mo. See me tomorrow. Pag-usapan nating mabuti.”

Lumungkot ang tinig ng kausap. “Now you’re accusing me of blackmailing.”

“Wala akong sinasabing ganoon.”

“I know you, Chantal. Kahit hindi ka magsalita nang direkta ay alam ko’ng iniisip mo.”

“At kilala na rin kita, Gilbert. Tiyak kong hindi ka titigil ng kakulitan hangga’t hindi ako pumapayag sa gusto mo.”

“Ayoko namang lalabas na parang ginigipit lang kita.”

“You didn’t,” napabuntunghininga siya. “Desisyon ko na talagang pagbigyan ka.”

“Really?” Halatang sumigla ang tinig ng binata.

“Yeah.”

“If that’s the case, I’ll see you at your boutique tomorrow. Will lunchtime be fine?”

“Oo.”

“Thanks, Chantal. You’re an angel.”

“And you’re the opposite.”

Malakas ang naging pagtawa ni Gilbert sa phone.

“Bye, Gilbert,” kahit hindi nakikita ng kausap ay iiling-iling na paalam na niya.

“Napuyat ka kagabi, ‘no!’”

Kunot-noong binalingan ni Chantal ang kaibigan at co-owner ng boutique na si Meryll.

Beinte-dos lamang ang dalaga, matanda sa kanya ng dalawang buwan. Kung minsan, may mga nag-aakalang magkapatid sila dahil may pagkakahawig daw sila ng tsinita at mestisahing Mindoreña.

Best friends sila ng babae at magkaklase sa kolehiyo. Parehong Business Administration ang kinukuha nila noon. Graduating na sila nang mapagkasunduan nilang magsosyo sa pagtatayo ng isang negosyo. Nanghingi ng puhunan ang kaibigan sa papa nito at siya naman ay sa Kuya Paulo niya.

Katapat ng *Robinson's Place* sa Malate ang boutique na ipinatayo nila. Pinangalanan nila iyong *C & M*, alinsunod sa unang letra ng pangalan nilang magkaibigan.

Ibinalik ni Chantal ang atensyon sa mga damit na ini-a-arrange sa glass display. Mag-a-alas-nueve pa lamang ng umaga at halos magkasunod silang dumating sa boutique. Nauna nang kaunti si Meryll na may sarili ring susi at siyang nagbukas ng tindahan.

“Napuyat ka dahil sa katatawag ni Gilbert sa ‘yo, ‘no?” nanunuksong sabi ng kasosyo habang inilalabas sa pang-ilalim na estante ang iba pang RTW at novelty items na ibinebenta nila. “My God! He’s been bugging you on your cellphone even after we’ve left the shop, eh!”

“Pati ‘ka mo sa landline.” Napabuntunghininga siya. “I hate to say it, but I finally gave in to his plea.”

“What!”

Parang gustong matawa ni Chantal nang makita ang shock na nag-register sa mukha ng kaibigan. “Well, he’s so persistent. Besides, tingin ko’y napakaimportanteng bagay sa kanya ang hinihiling niya sa ‘kin ngayon. Akalain mong isumbat ang ginawa niyang pagtulong sa amin ni Kuya Paulo?”

“He really did that?” di-makapaniwalang ani Meryll nang lumapit sa kanya.

Nagkibit-balikat siya. “Hindi direkta pero parang gan’un kasi ang naging dating sa ‘kin ng pag-uusap namin kagabi.”

“Bah! Kapag gan’un naman siya, eh, mawawala ang pagka-crush ko sa kanya niyan!” anitong napapiksi.

“Crush-crush ka diyan, eh, may Alessandra na ‘yun,” nakangiting irap niya. “Saka, ‘kala ko ba si Kuya ang crush mo?”

Napabungisngis si Meryll. “Wala na siya, eh. Si Gilbert ang present... so, kay Papa Gilbert muna tayo. Saka parang ang Kuya Paulo mo rin naman ang lalaking ‘yun.”

“Sabagay,” pagsang-ayon niya. “Para ngang extension ng Kuya si Gilbert. Parehung-pareho sila ng ugali, eh. Kaya siguro sila nagkasundo nang husto.”

“Di ba layout artist pa lang n’un ang Kuya Paulo mo nang magkakilala ‘yung dalawa sa—saan nga ba ‘yun?”

“Sa *Stargazer Publishing*. ‘Yung pinagtatrabahuan pa rin hanggang ngayon ni Gilbert. Nauna-una lang

ng ilang buwan d'un ang Kuya Paulo noon at napasok na rin si Gilbert bilang photographer.”

“Eh, ‘yung *Stargazer* din na ‘yun ang nagpublish ng mga magazines na nilalabasan ng mga covers at advertisements ni Miss Starlet, ah!” napaangat ang kilay na banggit nito.

“Sinong starlet?” takang aniya.

“Who else?” Naitirik nito ang mga mata. “Eh, di ‘yung girlfriend kaya ni Gilbert.”

“Si Alessandra?” Natawa siya. “Sira! Hindi naman starlet ‘yun, ah.”

“Sus! Parang gan'un na rin ‘yon,” ani Meryll nang talikuran siya at isa-isang ilagay sa mga display racks ang mga dala-dala. “O, eh, ano pa ba'ng tawag sa gan'un na nagmomodelo ng mga see-through lingerie saka bra and panties? Kaya nga hindi maipakilala ni Gilbert sa kanila ‘yun, eh. Kailangan pang magpakilala siya ng iba.”

Natigilan siya. Naalala niya ang ipinangungulit sa kanya ni Gilbert.

“Pero bilib rin ako kay Gilbert, ha!” narinig niyang sabi nito. “Bilib ako sa kakaibang prinsipyo niya. Di ba't sinabi mo'y mayaman ang pamilyang

iniwan niya sa Cabanatuan?”

“Oo. They own a chain of banks there. Pundar ng lolo niya na minana naman ng mother niya. Pero ang alam ko, hindi na ang mother niya ang directly in-charge sa pamamahala ng mga iyon. ‘Yung elder brother na yata niya. Wala ngang hilig sa ganoong trabaho si Gilbert.”

“Kaya siya umalis—naglayas—sa kanila, is that it?” patuloy nitong pag-uusisa.

“Not actually na naglayas—”

“Pareho na rin ‘yun. Nararamdaman kasi niya ang disappointment ng mga kaanak niya dahil sa photography lamang siya bumagsak.”

Muli ay nagkibit-balikat siya. “I guess that’s his real passion. Art.”

“Kaya nga. Hanga ako sa mga katulad niyang kayang talikuran ang nakalakhang yaman para lang sundin ang gusto niya even in the process, eh, maghirap siya.”

“May naghihirap bang gan’un?” natatawang sabi niya nang tunguhin na ang kinaroroonan ng counter. “May condo unit at may wheels. At *RAV4* pa, ha! His family didn’t totally disinherit him. Sustentado pa

rin si Gilbert ng yaman nila. Para na nga lang siyang nagliliwaliw dito sa Manila. And maybe that's the reason kung bakit masama ang loob ng mama niya sa kanya. Parang happy-go-lucky siya gayung mayroon silang sariling business na dapat niyang atupagin.”

“Meron talagang gan'un, Chantal.” Pagkatapos ilagay ang huling damit sa rack ay dumerecho na rin si Meryll sa counter. Hinila nito ang isang berdeng stool at tumabi ng upo sa kanya. “For example, isang pamilya ng abogado. Hindi lahat ng anak, eh, gustong maging abogado. Merong gustong mapaiba ng linya. Ang problema ni Gilbert, sumobra naman ang pagkakagustong mapaiba. Biruin mo, ang balak yatang iuwing mamanugangin ng mama niya, eh, isang starlet!”

“Ang laki talaga ng selos mo kay Alessandra, ha!” nakangiting biro niya.

“Hindi selos, ‘oy!” nandidilat ang mga matang pagtatama nito. “Inis baka pa. Di ba't n'ung minsang isinama ‘yun dito ni Gilbert, eh, parang sinuplada pa itong boutique natin?”

“Sanay kasi ‘yon na mamili lang sa mga class na boutiques,” patuloy niyang pambubuska.

“At bakit, hindi ba class ‘tong shop natin?” tili

nito. “Tigilan niya nga ‘ko ng pagiging trying-hard niya na mapabilang sa alta-sociedad! Kung di ko pa alam na bago naging sila ni Gilbert ay may naging karelasyon siyang matandang politician na may-asawa na.”

“Ikaw talaga... ang hilig sa mga tsismis,” napapailing na sita ng dalaga.

Iningusan siya nito. “Bakit? Is it my fault that she’s a public figure kaya hindi puwedeng mailihim ang private life niya sa madla?”

“Luka-luka! Eh, kung ibuko kaya kita kay Gilbert na may crush ka sa kanya at kung anu-ano ang pinagsasabi mo sa girlfriend niya.”

“Ibuko mo,” taas-noong tugon ni Meryll, “totoo naman ang sinasabi ko. Saka matagal na pong alam ng lalaking ‘yon na crush ko siya, ‘no! Kaya nga siguro hindi ako ang pinakiusapan na magpanggap na nobya niya dahil takot siya na baka totohanin ko. Mapikot pa siya nang wala sa oras. Eh, sa ‘yo, wala siyang kaba.”

Binuntutan nito iyon ng pagtawa at nahawa na rin siya.

Saglit lamang ang naging katuwaan ni Chantal. Nag-aalala rin siya tuwing maaalala ang nakatakda

niyang gawin para kay Gilbert.

“Hindi ka masyadong kumain, eh...” Parang nagrereklamo ang tinig ni Gilbert.

“Sino naman kaya ang makakakain nang marami kung alam na bibitayin siya pagkatapos?”

“Chantal naman...”

“I can’t help myself to feel that way.” Sa halip na tingnan ang nagpapaawang hitsura ng kausap, nilaru-laro niya ng tinidor ang isang hiwa ng blue marlin sa kanyang plato.

“Madali lang ang gagawin natin, ah. Isasama kita sa amin sa Pamaldan, ihaharap kita sa Mama at magkukunwari tayong magnobyong. Then, babalik na tayo sa Manila. It’s as simple as that. Kung ang boutique naman ang inaalala mo, I think Meryll can handle it alone for one day. At kung sakaling malugi man ng isang araw, I’m willing to—”

“Hindi ang boutique ang inaalala ko.” Napilitan siyang mag-angat ng tingin at tumitig sa binata.

Aaminin niyang simpatiko ang lalaki kahit ganoong pinalulungkot nito ang anyo. Kombinasyong kuwadruhin at hawasan ang mukha nitong nagbibigay

rito ng rugged at manly features. Halatang alaga nito ang sarili dahil sa kinis ng kutis at lambot at kintab ng buhok.

Hindi kataka-takang lihim na magka-crush dito si Meryll.

She wondered for the past years why she hadn't fallen for Gilbert herself. Siguro dahil naunahan sila ng pagiging magkaibigan. Isinalang-alang din marahil ng binata na kapatid siya ng best friend nito kaya hindi siya kinatalo. Sa sarili ay aaminin niyang mas maganda pa siya sa nobya nitong si Alessandra. Mas maganda at makurba ang kanyang katawan. Nakita na niya ang pigura ng babae sa mga iminomodelo nitong lingerie at undies.

Kung educational background naman ang pag-uusapan, nakakaangat din siya dahil tapos siya ng kolehiyo. Ang kuwento ni Gilbert ay kinatamaran na ni Alessandra ang pag-aaral simula nang maging modelo.

“Here.” Pagtingin niya ay iniusod ni Gilbert patungo sa harap niya ang platito ng hiwa-hiwang hinog na mangga. “Ito na lang ang kainin mo.”

Gamit ang tinidor ay kumuha siya ng ilang piraso niyon para lamang mabawasan nila. Alam niyang

napakamahal ng halaga niyon sa lugar na ito. Kaparis din marahil ng mga in-order nilang seafoods.

Ilang beses na rin siyang naiti-treat ni Gilbert sa iba't ibang seafood restaurants. Minsan ay kasama nila si Meryll.

“You don’t have to worry about anything,” narinig niyang sabi ng kausap habang kinakain niya ang mangga.

Ibinaba ni Chantal ang tinidor na tila nawalan ng gana. Pinunasan niya ng napkin ang labi at uminom ng tubig. “Hindi ako sanay umarte,” aniya pagkuwan.

“You don’t have to,” natatawang pakli nito. “Kung ano lang ang akto natin bilang magkaibigan ang siya mong gawin. Nobody will accuse you of being undemonstrative.”

“Bakit ba kasi kailangan mo pang magsama ng girlfriend?” nakasimangot na usisa niya.

Bahagyang nalukot ang mukha ng lalaki. “Iyon ang gusto ng Mama, eh. Nabalitaan niya kasing may girlfriend nga ako dito sa Manila. Ang gusto niya ay personal kong ipakilala sa kanya. She’s a hard woman, you know. At minsan lang ‘yon mag-utos pero ang gusto’y nasusunod. She even warned me na kung hindi ko susundin ang gusto niya ay titigilan na

talaga ang pakikialam sa akin. Meaning, pati sustento ko, eh, mapuputol.”

Naisip niya, kung naririnig ngayon ni Meryll ang mga sinasabi ni Gilbert, baka mawala na talaga ang crush nito sa lalaki. Siya mismo ay nadidismaya ngayon sa naririnig dito.

“Kaya pala hindi mo ‘ko tinantanan hangga’t hindi mo ‘ko napapayag... takot ka palang maputulan ng sustento, ha!” kanyaw niya.

Tatawa-tawang napakamot ito sa ulo. “Mahirap din naman, ‘no? ‘Buti sana kung malaki ang kita ko bilang photographer. Saka baka pati mamanahin ko, eh, hindi na rin ibigay ng matanda. Minsan gan’un kaistrikto ang Mama.”

“Kung gan’un, eh, bakit hindi niya magawang mapagtrabaho ka sa bangko n’yo?” pananalakab niya.

“Dahil pagpigil na ‘yon sa pansarili kong goal sa buhay,” pangangatuwiran nito. “At hindi naman gan’un kadominante ang Mama.”

“Yun naman pala. Eh, di puwede na ring si Alessandra ang iharap mo sa kanya.”

Biglang sumeryoso ang anyo nito. “Nope, I don’t think so. Ibang kaso naman ‘yon, Chantal. D’on...

baka makialam na ang Mama. When the right time comes, maihahantad ko rin siguro si Alessandra sa kanya.”

Napabuntunghininga siya. “This is ridiculous, Gilbert.”

“As far as I’m concerned, it’s not,” nakangiti nang sabi ng binata, sinenyasan ang waiter na nagsilbi sa kanila kanina upang hingin ang bill.

Ilang sandali pa’y paalis na sila ng restaurant.

“Let’s go,” anitong inalalayan siyang tumayo. “Mamimili pa tayo ng mga gagamitin mo.”

Gulat na gulat si Chantal. “Linawin mo nga.”

Nagkibit-balikat ito saka ngumiti. “Let’s see... a new dress maybe... shoes and handbag?”

Napangiti rin siya. “So... ipagsa-shopping mo ’ko?”

“Parang gan’un na nga.”

“In that case, sa boutique na lang namin, okay?”

“Smart girl,” kunwa’y nailing ngunit nakangiting sabi nito.

2

“Here we are,” anunsyo ni Gilbert nang itigil ang kotse.

Marami nang nakaparadang sasakyan sa loob at labas ng bakuran na hinimpilan nito kaya napilitan ang lalaki na sa labas na lamang mag-park.

Waring hindi pansin ni Chantal ang sinabi nito. Lulang-lula siyang nakatingin sa kabuuan ng bakuran at bahay na ngayon ay nasa harap niya.

Napakaluwang ng kinatitirikan ng bahay ng mga Capistriano. Sa malaking gate pa lamang ay tanaw na niya ang mansion na may kapalaluang nakatindig sa pinakagitna ng bakuran. Waring bundok ang shape ng bakuran na sa pinakatuktok nakatirik ang malaking bahay kaya papataas ang driveway.

Tanaw rin niya ang maraming puno at naggagandahang halaman na nakapaligid sa lugar. Mayroon pang mga concrete benches sa lilim ng ilang puno na parang nakakatuksong mamahinga roon.

Papaano nagawang iwan ni Gilbert ang ganoong kagandang tirahan?

“Hey, nanlalamig ka, ah,” puna nito nang alalayan siya. “Ninenerbyos ka ba?” nag-aalalang tanong nito nang mapansing namumutla siya.

“A-ang dami yatang tao.” Wala sa loob na nahapit niya ang kanyang itim na blazer. Alam niyang bagay na bagay iyon sa kanya pati na ang katernong white and gray empire-cut dress, pero na-conscious pa rin siyang baka maalangan siya sa mga daratnang panauhin.

Dahil ba hindi niya ini-expect na ganito kayaman ang pamilya ni Gilbert?

“Tenth death anniversary ni Papa kaya inaasahan ko na halos na ganito,” paliwanag nito, “maraming tao. Marami kasi kaming kamag-anak sa side niya, eh. But don’t worry, mababait sila. They don’t bite, in case you want to know.”

She shouldn’t be nervous, she kept reminding herself. Maganda siya at may breeding. Ang mahaba at itim na buhok ay ipinusod niya upang mas maging kagalang-galang ang kanyang hitsura. Hindi kahiya-hiyang maging nobya siya ni Gilbert.

Sa pagkakatabi nila ngayon ni Gilbert na naka-formal suit—abuhing amerikana at mapusyaw na asul na kurbata at polong katerno sa loob—masasabing

perfect sila sa isa't isa.

Bagay na hindi mangyayari kung si Alessandra ang isinama nito. Alam niya iyon at alam ding tiyak ni Gilbert kaya hindi na ito naglakas-loob na ipakilala ang tunay na nobya sa pagtitipong ito ng mga respetadong tao.

“Ready?” tila nagbibirong sabi nito nang makitang bahagya niyang itinaas ang noo.

“Ready,” aniya sa pinatatag na tinig.

Iginiya siya nito papasok sa loob ng bakuran.

“Kuya Gilbert!” tuwang bungad ng isang magandang babae pagsapit nila sa driveway ng mansion. Tingin niya ay kalalabas lamang nito mula sa malaking bahay.

Mestiza ito at may wangis sa features ni Gilbert kaya nahulaan kaagad niyang kapatid nito. Kasing-edad lamang niya ang babae. Mistula itong modelo sa dark evening gown na suot. Modelong may tatak ng pagka-class na dulot ng naging magandang breeding nito.

Kasama nito ang isang lalaking nakapormal din na kasuotan, halos kasing-gulang ni Gilbert bagaman hindi masasabing kasing-kisig nito. Nakangiti rin ang

lalaki pagkakita sa kapatid ng babae.

Tuwang-tuwang kumapit sa braso ni Gilbert ang kapatid. “I thought you’re not coming. I mean... kayo pala.”

Parang naragdagan ang panlalamig ni Chantal nang sipatin siya ng kapatid ni Gilbert.

Heto na, sa loob-loob niya. Kinakaliskisan na ako ng isang miyembro ng kanyang pamilya. Makapasa kaya siya?

Maano ba kung hindi siya makapasa sa standard ng kaharap? Problema na iyon ni Gilbert. Anyway, hindi naman talaga sila magnobyong.

Kung talagang nobyo niya ang lalaki, mag-aalala siya nang todo kapag hindi nagustuhan ng mga kaanak nito. Pero komo hindi totoong may unawaan sila, titigilan na niya ang pag-aalala.

Iyon ang nasa isip niya kaya nang ngitian ang kaharap ay may full confidence na siya sa sarili.

“Si Chantal,” pagpapakilala sa kanya ni Gilbert. Isinama nito sa tinitingnan ang lalaking katabi ng kapatid.

Nakadagdag sa kumpiyansa ng dalaga ang malawak na pagkakangiti sa kanya ng kapatid ng

‘nobyo.’

“Si Lynette,” sabi nito sa kanya, “ang bunso namin.”

Ngumiti rin siya nang matamis sa babae. “Hello.”

“Ang ganda-ganda mo pala, Chantal,” humahangang tugon ni Lynette. “Ay, Ate Chantal pala.”

Nakaramdam siya ng kaunting pagkapahiya sa sarili sa kaalamang niloloko niya at napapaniwala ang kaharap. Tipong sincere na sincere si Lynette sa paghanga sa kanya.

“Ito naman ang fiancé niya,” baling ni Gilbert sa lalaking katabi ni Lynette, “si June. Magpapasakal na sila—este, magpapakasal na a month from now.”

Naintindihan niya kaagad ang ibig sabihin ni Gilbert. “Congratulations,” sabi niya na inilahad ang kanang kamay.

Nakipagkamay naman sina Lynette at June sa kanya.

“Actually, kung ang mama lang namin ang masusunod, ang gusto sana niya ay mauna man lamang kahit isa kina Kuya Gilbert o Kuya Duncan sa pag-aasawa. Kaso’y parang wala pang balak ang

dalawang ‘to kaya mauuna na ‘ko.” Humawak si Lynette sa braso ni June nang hindi binibitawan ang pagkakakapit sa braso ni Gilbert.

“Shotgun wedding yata ang nangyari, eh,” kanyaw ni Gilbert sa dalawa. “Ito kasing si June, accountant sa bangko namin na nakadispalko. Para hindi na lang namin ipakulong, pumayag nang pakasalan ang baby sister namin.”

Nagkatawanan silang lahat. Sa biruang iyon, napalagay na nang husto ang kalooban ni Chantal. Wala na ang tensyong kani-kanina lamang ay nararamdaman niya.

“Kuya Gilbert, ha!” Nakalabing humalukip si Lynette. “Mamaya niya’y maniwala nga si Ate Chantal diyan sa mga pinagsasabi mo.”

“I’m just kidding,” anang kapatid na pumagitna kina Lynette at June saka inakbayan ang dalawa. “Ang totoo niyan, childhood sweethearts talaga ang dalawang ‘to. Kaya naman walang katutol-tutol ang Mama nang magpaalam sila na magpapakasal na. Besides—”

“O...” Napakamot muli sa batok si June. “Ayun na naman ang punchline. Tiyak na ako ulit ang mababanatan niyan.”

Ang lakas uli ng tawanan nilang tatlo.

“So the entertainment is keeping the hosts here,” anang isang tinig buhat sa likuran nina Lynette at June.

Pakiramdam ni Chantal, nawala sa tamang beat ang puso niya pagtingin sa lalaking nagsalita.

Mataas ng ilang inches kay Gilbert ang lalaking may hawak na kopita na lumigid sa likuran ng binata.

Kinailangan pang bahagyang magtaas ng tingin dito si Gilbert. “Kuya Duncan!”

Hindi maintindihan ni Chantal kung bakit biglang-bigla ay bumalik ang nanlalamig niyang pakiramdam at tensyon kanina.

Ngayon ay titig na titig sa kanya ang lalaking tinawag ni Gilbert na ‘Kuya Duncan’. Waring pinag-aaralan nito ang detalye ng personalidad niya.

Nagsimula ang pananaliksik ng tingin nito sa kanyang mukha, waring saglit na nagtagal sa kanyang mga labi, saka bumaba patungo sa kabuuan ng katawan niya.

Pakiramdam niya ay natutunaw siya sa lantarang

paghanga nito. Natiyak niyang paghanga iyon base sa ngiting bahagya lamang sumilay sa sulok ng mga labi nito na nagsasabing nagustuhan nito ang lahat ng dinaanan ng tingin. Ibinalik nito ang atensyon kay Gilbert pagkatapos ay kunot ang noong bumaling sa kanya.

Lumapit si Gilbert sa kanya at hinapit siya sa baywang. “My fiancée,” may pagmamalaki sa tonong sabi nito.

Ikinagulat ni Chantal hindi lamang ang pahayag ng lalaki kundi ang kapangahasan na rin nito.

Iyon ang unang pagkakataon na nahawakan siya nito sa baywang mula nang magkakilala sila. Kung bahagi ito ng kanilang palabas, dapat ay binalaan siya nito beforehand para hindi ganitong ikinagitla niya ang ginawa nito.

Na-sense ba iyon ng Kuya Duncan nito kaya waring nadagdagan pa ang kunot ng noo pagtingin sa kanya?

“Nakalimutan mo yatang ikakasal na ang bunso natin sa susunod na buwan,” walang-gatol na sabi nito kay Gilbert.

“Of course not.”

“In that case, dapat ay alam mong hindi kayo puwedeng magsukob ng taon. Alam mong mapamahiin si Mama. Siya ang unang-unang tututol.”

“Wala naman akong balak na makisukob ng taon kay Lynette, Kuya,” parang bigla ay nairitang saad ni Gilbert.

“I thought I heard you say ‘my fiancée.’”

“It’s my intention to marry her,” seryosong tugon nito. “Kung kailan ay hindi pa naman namin pinag-uusapan.”

Tinitigan ni Duncan si Gilbert. Nagkaroon si Chantal ng pagkakataong mapag-aralang mabuti ang features ng nakatatandang Capistrano.

Kung guwapo si Gilbert, mas higit ang kaguwapuhan ni Duncan gayung ni hindi masasabing kasing-kinis ito ng kapatid. Ni wala nga rito ang kaputiang taglay nina Gilbert at Lynette. At hindi brownish ang kulay ng mga mata nitong nakatitigan niya kanina. Itim na itim ang mga iyon na kay tiim kung makatitig, tumatagos sa kaibuturan ng isang tao.

Naisip niya, naging higit na lalaki at matikas si Duncan sa kanyang tingin dahil wala rito ang mga katangiang taglay ni Gilbert na mas bagay sa isang

babae.

“Is she really the one?” tanong nito kay Gilbert.

Malalim ang tanong na iyon. Malaman. Waring may iba pang kahulugan.

“Ano naman ang ibig mong sabihin, Kuya?” ganting tanong dito ni Gilbert.

“I think you know what I mean,” malamig na sagot ni Duncan na bumaling uli kay Chantal.

Sinikap labanan ng dalaga ang kabang nararamdaman sa dibdib.

“We’re not totally uninformed here, you know,” sabi nito bago uminom ng alak sa kopita. “Kahit paano’y may nakararating sa aming balita rito.”

Waring namagneto ang dalaga na pagmasdan ang mga labing iyon sa kopita ng alak. May kiliting bumabangon sa kanyang isip na hindi niya ma-define kung ano.

Napahiya siya nang pagbaba ng kopita ni Duncan ay tumingin ito nang direkta sa kanya na waring nabasa ang kanina ay naglaro sa kanyang isipan.

Ibinaling niya ang tingin kay Gilbert.

“Meet my dominant brother,” tila nagbibiro

ngunit may halong sarcasm sa tinig na sabi nito nang imuwestra ang kapatid. “Si Kuya Duncan.”

Napilitan siyang tumingin uli kay Duncan.

Inilahad ng lalaki ang kanang kamay sa direksyon niya.

Nakipagkamay siya rito.

“Don’t believe him,” anito nang titigan siya sa mga mata. “His lies sometimes lure.”

Ngumiti siya dahil parang nagbibiro lamang ang lalaki bagaman hindi nakangiti.

“I didn’t catch your name,” sabi nitong hindi binibitawan ang kanyang kamay.

Pakiramdam nga niya ay lalo pa nitong hinigpitan ang pagkakahawak doon nang muling magsalita.

“I-it’s Chantal.”

Minsan pa, kumunot ang noo nito.

Kung bakit kasi nag-stammer pa siya. Hindi niya maiwasang muling manumbalik ang kaba dahil parang kakaiba ang kaharap niya. Parang hindi madaling lokohin. Parang madaling makahalata.

At tingin niya kay Duncan, hindi talaga naniniwala

na may unawaan sila ni Gilbert.

“Baka naman mabugbog na ang kamay ng fiancée ko, ‘oy,” nakatawa nang sabi ni Gilbert nang kunin ang kamay niya buhat sa pagkakahawak ng kapatid nito. “Ikaw talaga, Kuya Duncan... kapag nakakakita ng magandang babae, eh, gumagana ang pagka-chickboy mo.”

Natigilan si Chantal. Chickboy nga ba si Duncan?

Maybe he is, sabi ng isip niya.

Nasa tipo nito ang habulin ng mga babae. At kung hindi ito chickboy, disin sana ay may asawa na ito o pamilya. Tanya niya ay mahigit treinta na ang edad ng lalaki.

Ang alam niya, ayon sa kuwento ni Gilbert, wala pang may asawa sa mga ito. Ngayon lamang niya nalaman na mag-aasawa na ang bunso ng mga ito.

“Tena sa loob,” mayamaya ay aya ng ‘noby’ sa kanilang lahat. “Ang Mama nga pala?” Si Lynette ang tinanong nito.

Kay Lynette din siya nakatingin pero sa sulok ng kanyang mga mata, alam niyang sa kanya nakatingin si Duncan.

Pinag-aaralan pa rin siya hanggang ngayon?

“Nasa living room, Kuya,” sabi nito. “Naroon na kasi halos lahat ng mga kamag-anak natin. Siguradong matutuwa ‘yon kapag nakitang kasama mo ang girlfriend mo.”

“Noon pa talaga kasi kami itinataboy magpamilya ng Mama,” tila paliwanag ni Gilbert sa kanya. “Pero tiyak na mas matutuwa ‘yon kapag si Kuya Duncan na ang nag-uwi rito ng babae. Paborito siya ng Mama, eh.”

Nakangiting tumingin ito sa elder brother at kung may bahid ng hinanakit o pagkainggit ang tono nito ay hindi tiyak ni Chantal. Ngayon lamang niya nalalaman ang mga komplikasyon ng relasyon nito sa pamilya.

Pagsulyap niya kay Duncan ay muntik na siyang mamula dahil huling-huli niya na mataman nitong pinagmamasdan ang mga binti niya. Pagmamasid na halatang nasisiyahan.

Magsawa ka, sa loob-loob niya. Wala kang makikitang peklat diyan o ano pa mang kapintasan.

“Pumasok na tayo.” Inalalayan na siya ni Gilbert.

Pagkuwa’y sama-sama na silang naglakad patungo sa pintuan ng mansyon. Hindi nakatakas sa pansin ni Chantal ang wari’y pagpapatihuli ni Duncan

Mine Alone - Jen Yaneza

sa paglalakad. Paglingon niya ay huling-huli niya na ang likurang view niya ang pinagmamasdan nito, partikular sa baywang.

Isang irap ang ipinukol niya rito bago tumalikod.

Chickboy nga, naisip niya. Chickboy na walang etiketa.

3

Regal na regal ang hitsura ni Doña Alodia.

Sa edad nitong lagpas cincuenta, kataka-takang na-maintain nito ang slim na pangangatawan na binagayan ng lavender gown nito na halatang mamahalin.

Puting-puti na tila nangingintab ang lahat ng buhok ng matandang babae. Bagay na nakadagdag sa dignified na nitong anyo. Bukod sa mga mamahalin nitong alahas, ang tanging palamuti sa katawan ng doña ay ang pin na ginamit sa nakapusod na buhok nito.

Kahit masasabing maganda ang babae—na tiyak niyang napakaganda lalo noong kabataan pa—may mga anggulo itong matigas sa tingin ni Chantal.

Maging sa pagsasalita nito ay may awtoridad at tigas na tiyak niyang iginagalang at kinatatakutan ng magkakapatid.

Tingin niya kay Doña Alodia, kaya talaga nitong hindi pamanahan si Gilbert kung susuway nga ang lalaki sa kagustuhan nito.

Hindi kataka-takang matakot dito ang anak.

Kaya nga may ‘palabas’ sila ngayon.

Parang nais uli niyang manlamig nang maisip kung ano ang magiging reaksyon ng matandang babae kapag nalamang niloloko lamang nila ito.

“Come, Chantal,” anang doña na sa pagkakaupo sa pang-isahang sofa sa sala ay inilahad pa ang isang kamay.

“Humalik ka sa pisngi niya,” bulong ni Gilbert.

Alanganing lumakad siya palapit sa babae. Hindi niya matiyak kung kanino siya nahihiya, dito o sa mga nakapaligid ditong kamag-anakan na mahahalatang pulos mga may-sinasabing tao.

Kiming lumapit siya at humalik sa pisngi ng doña.

Parang ikinasiya iyon ni Doña Alodia, lumawak ang pagkakangiti. “You don’t know how much you’ve made me happy, Hija.”

Takang napatitig siya sa mukha nito.

“Ikaw ang katuparan ng babaeng talagang gusto ko para kay Gilbert.” Minsan pang sinuma ng tingin nito ang kabuuan niya. “Maganda, kagalang-galang,

may pinag-aralan at may breeding. Unang tingin ko pa lang sa ‘yo, alam ko na. I consider myself an excellent judge ng katauhan ng isang tao sa unang pagkikita pa lamang.”

Kaya pala hindi si Alessandra ang isinama ni Gilbert.

“Kung nauna-una ka lang ipakilala ni Gilbert, baka nauna pa kayong ipinakasal ko,” masayang sabi ni Doña Alodia. “I really want my sons to have their own families now. Natatakot akong baka di ko na makita’ng magiging mga apo ko sa kanila.”

“Don’t worry, Ma,” tila birong sabi ni Gilbert. “You’ll live long. Maybe longer than I’ll do.”

“At ano’ng ibig mong sabihin, na masama akong damo?” tila nagbibiro ring sabi ng ina.

Napangiti tuloy ang mga nakapaligid sa kanila.

Pati na si Duncan, napansin niya. May fondness sa anyo nito sa pagkakatingin sa ina. Naisip tuloy niyang totoo ang sinabi ni Gilbert na paborito ito ni Doña Alodia.

Hindi niya maiwasang maisip na marahil kung si Duncan ang mag-uuwi ng babaeng pakakasalan nito ay higit pa sa atensyong tinatanggap niya ngayon ang

tatanggapin nito.

Tingin niya, pangalawa kay Doña Alodia ay si Duncan ang maituturing na boss sa tahanang ito at maging sa mga bangkong pag-aari ng mga ito.

Pagkatapos siyang maipakilala ni Gilbert sa ina ay sa mga kamag-anakan naman nito siya ipinakilala. Sa dami ng mga iyon ay wala siya halos matandaan. Ang alam niya, bawat isa ay nagpapahayag ng pagboto sa kanya para kay Gilbert.

Naisip tuloy ni Chantal, paano lulusutan ni Gilbert ang ginawa nila kapag inilantad na nito si Alessandra? Nakabuti siguro kung sa simula pa lamang ay ang babae na ang iniharap nito sa ina at kamag-anakan. Umayaw man ang lahat, at least ay naging matapat ito.

Natitiyak niyang mas magagalit si Doña Alodia sa pangalawang anak kapag nagkataon. At baka mauwi rin sa wala ang mamanahin nito.

“Let’s go, Hija,” anang matandang babae kay Chantal matapos siyang maipakilala sa lahat. “We’ll get something to eat. Ako man ay hindi pa tumitikim ng kahit anong handa.”

“Ang tagal din nating di nagkita-kita, Pinsan.”
Tuwang hinatak ng isang lalaki si Gilbert. Halos

kasing-gulang nito ang lalaki. “Kuwentuhan muna tayo.”

Tumingin sa kanya ang ‘boyfriend’ na waring humihingi ng permiso. Wala siyang nagawa kundi tanguan ito bilang pagpayag.

“Kuu! Iinom lang ang mga ’yan.” Nilingon ni Doña Alodia ang magpipinsan. “Gilbert, Hijo, kumain ka muna bago ka uminom.”

“Mamumulutan na lang ako, Ma. Kayo na muna’ng bahala kay Chantal?”

“Oo,” nangingiting sabi nito. “Magkukuwentuhan din kami para magkakilala kaming mabuti ng mamanugangin ko.”

Ibig manliit ng dalaga sa narinig. Hindi siya sanay manloko ng kapwa.

Tiningnan niya nang matalim si Gilbert na tila ba sinabing ang lalaki ang may kagagawan ng gipit niyang sitwasyon ngayon.

Nakakawiling kausap si Doña Alodia, natuklasan niya.

Tuwang-tuwa ang babae na sa batang gulang ni

Chantal ay mayroon na siyang business interest at know-how.

Nasa gitna sila ng masayang pag-uusap nang lumapit ang isang katulong. Dumating na umano sina Carolyn at Mrs. Zapanta. Nahinuha ni Chantal na mga importanteng bisita ang dalawa habang inoobserbahan ang reaksyon ng matandang babae.

“Hindi talaga nakakalimot ang magkapatid,” tuwang sabi ng doña na tumayo kaagad buhat sa kinauupuan.

“Heto na ho sila,” sabi ng maid na nakatingin sa malaking front door sa sala.

Pagbaling niya roon ay nakita niya ang dalawang babae na hindi nagkakalayo ang mga edad, parehong nasa twenties. Pareho ring naka-evening gown ang mga ito, pero kitang-kita ang magkaibang personalidad sa tabas at kulay ng mga kasuotan.

Crimson gown ang suot ng mas nakatatandang babae, revealing ang cut at hapit sa katawan kaya kitang-kita ang mahubog nitong korte. Light pink naman ang kulay ng gown ng kasama nito, kahit bahagyang loose ay kakakitaan na may maganda ring hubog ng katawang nakatago roon. Disente ang yari ng gown ngunit sopistikada at mahahalatang

mamahalin.

May magkaibang ganda ang dalawang babae. Ang ganda ng babaeng mas may edad ay glaring at fancy. Samantalang ang sa mas bata ay fresh at innocent dahil simple.

Sa isip ay natiyak kaagad ni Chantal na ang naka-crimson gown ang Mrs. Zapanta at ang kasama nito ang Carolyn, kaparis ng itinawag dito kanina ni Doña Alodia.

May dalang malaking kahon ng regalo ang babaeng hula niya ay Carolyn ang pangalan.

“Good evening ho, Tita,” pagbibigay-galang nito kay Doña Alodia. Medyo kimi ang pagkakasabi niyon ng babae kaya natiyak niyang mahiyain ito.

“Come in, come in...” agarang sabi ni Doña Alodia na inilahad pa ang dalawang kamay.

Tingin ni Chantal ay hindi kasama ang babaeng naka-crimson gown sa tinitingnan ng matanda.

Lumapit ang dalawang babae. Humalik ang naka-pink gown kay Doña Alodia bago iniabot ang dalang regalo.

Hindi nakigaya sa paghalik sa pisngi ng matanda ang babaeng naka-crimson gown.

“What’s this, Hija?” tanong ng doña habang nakatingin sa hawak na kahon. “Bakit may regalo pa?”

“Dad bought it during his stay in Singapore,” tila nahihiya pa ring sabi ni Carolyn. “Ipinakidala na lang ho sa amin. Pasalubong raw niya sa inyo.”

“Bakit hindi siya nakapunta rito?” magiliw na tanong nito.

“Masama ho ang pakiramdam. Kami na raw ho ang bahalang magpaliwanag sa inyo.”

Noon lamang hinarap ni Doña Alodia ang babaeng naka-crimson gown. “Hindi ko alam na narito ka pala ngayon sa Pamaldan, Natalie,” anito.

Ang dating sa pandinig ni Chantal sa tono ng ina ni Gilbert, napipilitan lamang itong magpakita ng genuine na katuwaan sa pakikipag-usap sa babae.

“Nakakainip din naman hong maiwan lagi na nag-iisa kapag nasa biyahe ang husband ko. Naisipan kong magbakasyon dito sa amin.”

“Good. That’s good,” napatangu-tango ang doña.

Luminga-linga si Natalie na parang may hinahanap sa paligid.

“They’re our family friends, Chantal,” sabi ni Doña Alodia nang balingan siya. “Si Carolyn at ang ate niyang si Natalie. Mrs. Zapanta na siya ngayon.”

Walang nabago sa anyo ni Natalie nang tumingin sa kanya. Bored pa rin ito na waring hindi nakadarama ng kasiyahan sa kinaroroonan.

“Mga bata pa lamang sila, magkakalaro na sila nina Duncan at Gilbert,” dagdag na impormasyon ng matanda.

“Ah...” tangi niyang nasambit habang nakangiti kay Carolyn. Ang kapatid nito ay tila nakakaalangang ngitian.

“Siya naman si Chantal, Carolyn, Natalie—”

“Si Duncan ho?” parang walang narinig na tanong ni Natalie.

Nawala ang pagkakangiti ni Doña Alodia, waring hindi nagustuhan ang pambabale-wala ng babae. “Nariyan lamang ‘yon,” malamig na tugon nito. “Baka may kausap na mga bisita.”

“Kamag-anak n’yo po siya?” kiming tanong ni Carolyn habang nakangiti. Nakatingin ito kay Chantal.

Waring nag-atubili muna ang matandang babae

bago sumagot.

Bagay na ipinagtaka niya.

“Ah, kuwan...” Alanganin ang naging pagkakangiti nito. “S-si Chantal ang... nobya ni Gilbert.”

Bigla, parang binuhusan ng kung ano ang mukha ni Carolyn, kitang-kita niyang namutla ito.

Noon lamang waring nabuhay ang curiosity sa anyo ni Natalie. Bumaling ito sa kanya nang may kakaiba na ngayong interes sa anyo.